## Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan

Magbigay ng serye ng mga serbisyong pangkapakanan para sa biktima ng karahasang sekswal. Ang sumusunod ay website na sumusuporta sa mga biktima ng pang-aabuso sa mga kabataan, pambubugbog sa asawa/kinakasama, at karahasang sekswal.

Telepono: 2343 2255

Website: https://www.swd.gov.hk/vs/index_e.html

## Ang Kapulisan

Humahawak at nag-iimbestiga ng lahat ng reklamo at ulat na may kinalaman sa mga kasong pantahanan at karahasang sekswal. Ang sumusunod na kaso ay ang librito ng impormasyon para sa mga may-edad na biktima ng kaharasang sekswal.

Website: https://www.police.gov.hk/info/doc/child/pol_1152_en.pdf

## Awtoridad ng Ospital

Ang mga biktima ng karahasang sekswal ay maaaring humingi ng pagpapagamot sa Kagawaran ng Aksidente at KagipitanBiglaang Insidente sa ilalim ng Awtoridad ng Ospital. Ang sumusunod ay ang talaan ng mga Kagawaran ng Aksidente at Kagipitan.

Website: https://www.ha.org.hk/visitor/ha_visitor_index.asp?Content_ID=10051&Lang=ENG&Dimension=100&Parent_ID=10042&Ver=HTML

## Sentro para sa Krisis ng CEASE

Nagbibigay ng 24-oras na serbisyong pansuporta at pagtugon sa krisis para sa mga may-edad na biktima ng sekswal na kaharasan, kabilang na ang pagbibigay suporta sa mga legal at medikal na proseso, matutuluyan sa panahon ng kagipitan, pagbibigay payo sa indibidwal o grupo, at pagtulong sa mga biktima na makalaya mula sa trauma.

Telepono : 18281

Website : https://18281.tungwahcsd.org/

## RainLily

Nagbibigay ng serbisyong pansuporta sa krisis para sa mga biktima ng kaharasang sekswal, kasama ang agarang suporta, pagbibigay payo, pagbibigay ng gamot para hindi mabuntis pagkatapos ng insidente, pagsusuri sa mga sakit na nakukuha sa pamamagitan ng pagtatalik at ang pagpapagamot dito, legal na konsultasyon, sumailalim sa mga forensic na pagsusuri at pagtanggap ng mga salaysay na may kasamang taga-agapay, at iba pang mga naaangkop na suporta upang matulungan ang mga kababaihan na nakaranas ng kaharasang sekswal upang muling buoin ang kanilang tiwala sa sarili.

Telepono : 2375 5322

Website : https://rainlily.org.hk/eng/service

Oktubre 2020

Sangay ng Kapakanan ng Pamilya at Kabataan
Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan

Tagalog (他加祿語)
/ Philippines (菲律賓)

# Maglakad kasama Ka

## Pagbibigay tulong sa mga biktima ng karahasang sekswal



## Kung pinagsususpetsahan mong ikaw ay nakararanas ng karahasang sekswal, maaari kang samahan ng isang manggagawang panlipunan at magsaayos ng mga sumusunod na pagtulong para sa iyo

### Kung nais mong tumawag sa Kapulisan para humingi ng tulong, ang mga naaangkop na proseso ay ang mga sumusunod....

1. Pangunahing isaalang-alang ng pulis ang iyong personal na kaligtasan. Kung kailangan mong magpatingin sa doktor, isasaayos kaagad ng pulis ang pagpunta mo sa ospital para sa pagpapagamot

2. Ang pulis nang kaparehong kasarian ang siyang magtatanong sa iyo tungkol sa mga naaangkop na impormasyong may kinalaman sa kaso at siyang kukuha ng salaysay.

3. Depende sa mga pangyayari ng bawat indibidwal na mga kaso ng karahasang sekswal, nang mayroong iyong pahintulot, ang mga forensic pathologist ay magsasagawa ng pagsusuri sa iyo upang humanap ng ebidensya.

4. Ang pulis ay isasangguni ang kaso sa istasyon ng kapulisano sa puwersa ng sandatahan kung saan nangyari ang krimen para sa follow-up. Kung kinakailangan, maaari kang imbitahan ng pulis muli upang tumulong sa imbestigasyon.

### Kung hindi mo nais tumawag ng Pulis, maaari kang dumulog sa Kagawaran ng Aksidente at Kagipitan ng ospital kung kailangan mo ng medikal na atensyon...

1. Ang isang nars ay magsasagawa ng pagsusuri at irerehistro ang iyong personal na impormasyon para sa iyo.

2. Ang nakalaang nars ay isasaayos ang nakatalagang kwarto para sa iyong pagpapahinga.

3. Ang isang doktor mula sa Kagawaran ng Aksidente at Kagipitan ay magbibigay sa iyo ng naaangkop na medikal na pagpapagamot, tuladng pagsusuri sa ihi, pagkuha ng dugo, at probisyon para sa pagbibigay gamot para hindi mabuntis pagkatapos ng insidente sa loob ng 72 oras (na maaaring habaan hanggang sa loob ng 120 oras).

4. Pagkatapos makumpleto ang mga pagsusuri, ang nars mula sa Kagawaran ng Aksidente at Kagipitanay magbibigay ng mga naangkop ng medikal na pag-aasikaso.

5. Pagkatapos mong makumpleto ang lahat ng proseso, maaari ka nang umuwi at magpahinga.

### Serbisyong Pag-agapay

Kung ang biktima ay isang bata, siya ay kailangang samahan ng kanyang magulang/tagapagbantay, maliban na lamang kung ang kanyang magulang/tagapagbantay ay ang taong pinaghihinalaan. Ang mga biktimang nasa tamang edad ay maaari ring tumulong sa imbestigasyon kung nais nila, at may kaagapay na isang miyembro ng pamilya o kaibigan.

Kung mayroon kang anumang pangangailangan sa panahong ito, maaari kang tumawag sa isang nakalaang manggagawang panlipunan upang magbigay sayo ng patuloy na serbisyong pag-aasikaso.